Republika ng Pilipinas
**Kagawaran ng Edukasyon**
**Rehiyong Administratibo**
**Schools Division Office of Benguet**
Wangal, La Trinidad, Benguet
*Telefax: (074) 422-6570; (074)422-7501*

Enero 10, 2016

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
JAN 13 2017
Benguet Division

## PANDIBISYONG MEMORANDUM

Bilang 006, s. 2016

**PARA SA:** Punong Tagamasid ng CID
Tagamasid sa Filipino at iba pang kaugnay na Asignatura
Mga Tagamasid Pampurok
Mga Namumuno ng mga Paaralang Pampubliko sa Elementarya at Sekundarya
Mga Kinauukulang Guro

**MULA KAY:** **FEDERICO P. MARTIN,Ed.D.,CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

**PAKSA:** **USWAG DAREPDEP: TIMPALAK SA PAGSULAT NG TULA AT MAIKLING KUWENTO SA IBALOY, BAHASA SUG, KAPAMPANGAN AT WARAY**

1. Bilang suporta sa programang MTB-MLE ng Kagawaran ng Edukasyon, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay maglulunsad ng **TIMPALAK USWAG DAREPDEP** o ang patimpalak sa pagsulat ng tula at maikling kuwento para sa lahat ng Filipinong may edad na 12-17. Tampok sa patimpalak na ito ang mga wikang Bahasa Sug, **Ibaloy**, Kapampangan at Waray.
2. Layunin ng patimpalak na mangalap at ipalaganap ang pinakamahuhusay na akdang pampanitikan mula sa iba't ibang rehiyon sa bansa na likha ng mga kabataang edad 12-17.
3. Sa bahagi ng Dibisyon ng Benguet, hinihikayat ang pakikilahok ng mga mag-aaral na may eday 12-17 sa pagsulat ng tula at maikling kuwento gamit ang wikang **Ibaloy**.
4. Narito ang mga tuntunin ng patimpalak:
   *Maikling kuwento: 5-15 pahina ang entri*
   *Tula: 5-10 tula bawat entri*

   *Bawat entri ay dapat* ***naka-PDF, doble espasyo*** *(maliban sa tula), may font na* ***Arial o Times New Roma na 12 pts****, nasa papel na 8.5"x11", at may margin na 1 pulgada. Huwag lagyan ng pangalan ang file ng mga kalahok.*

   *Ilagay ang entri sa isang selyadong long brown envelope na nagtataglay ng sumusunod:*
   *1) Tatlong hard copy ng lahok;*
   *2) Notaryadong pormularyo sa paglahok (maaaring i-download mulas sa KWF o pahina sa Facebook;*
   *3) Notaryadong pormularyo sa pahintulot ng magulang;*
   *4) Sertipikasyon mula sa principal ng paaralan para sa mga estudyante; at*
   *5) Soft copy ng sipi na maaaring ilagay sa CD o flashdrive.*

5. Ipadala ang mga lahok sa: Lupon sa Uswag Darepdep, Komisyon sa Wikang Filipino, Gusaling Watson, 1610 Kalye JP Laurel, 1005 San Miguel, Maynila. Para sa mga masusumite online, ipadala ang mga nabanggit na kahingian sa uswagdarepdep@gmail.com. Ilagay ang "Uswag Darepdep-Ibaloy" bilang subject. Ang huling araw ng pagsumite ay sa Enero 31, 2017.

6. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa leaflets tungkol dito na naunang naipamudmod.

7. Hinihiling ang dagliang pagpapalaganap sa memorandum na ito.

*/mbm*